**Pamagat**: Mga Halimbawa ng Pagsisisi

**Bible Text**: 2 Cor. 7:10 "For godly sorrow worketh repentance to salvation not to be repented of: but the sorrow of the world worketh death."

*Pagsasalin*: Sapagkat ang kalungkutang naaayon sa Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi tungo sa kaligtasan na hindi ipagdaramdam, subalit ang makasanlibutang kalungkutan ay nagbubunga ng kamatayan.

**Panimula**:

1. Mayroong pagsisisi tungo sa kaligtasan – ito ay may sangkap na kalungkutan naayon sa Dios o makadios.
2. Pero mayroon rin palang huwad o maling kalungkutan, ang makamundong kalungkutan na nagdudulot ng kamatayan.
3. Titingan natin ang ilang mga halimbawa ng huwad at tunay na pag-sisisi.

**I. Si Pharaoh (Exodus 9:27)**

A. Ang sabi ni Pharaoh (hari ng Egypt) sa ikapitong salot (hail/ulan na may yelo) "Ako ay nagkasala"
B. Subalit sa v.35 – nagmatigas ang puso ni Pharaoh laban sa Dios.
C. Sa Exo. 10:15, nagpadala ang Dios ng salot ng mga balang – at sa v.16, unulit ni Pharaoh ang sinabi niya "Ako ay nagkasala" – pero sa v.20 – naging matigas ulit ang puso ni Pharaoh.
D. Wala sa salita ang pagsisisi. Ito ay nasa puso.

**II. Si Balaam (Numbers 22:34)**

A. Si Balaam na bulaang propeta ay nagsabing: "Ako ay nagkasala"
B. Ngunit hindi niya tinigilan ang pagwasak ng mga Israelites.
C. Na takot lang siya sa hatol pero hindi siya natakot sa Dios.
D. Pansamantalang kaluwagan vs. permanenting solusyon.

**III. Si Saul – Unang hari ng mga Israelites – (1 Samuel 15:24)**

A. At sinabi ni Saul kay Samuel, Ako'y nagkasala, sapagkat ako'y sumuway sa utos ng Panginoon at sa iyong mga salita, sapagkat ako'y natakot sa taong-bayan at sumunod sa kanilang tinig. (v.24)
B. (v.25-26) Ngayon nga'y hinihiling ko sa iyo, ipatawad mo ang aking kasalanan, at bumalik kang kasama ko upang ako'y makasamba sa Panginoon. 26 At sinabi ni Samuel kay Saul, Hindi ako babalik na kasama mo sapagkat itinakuwil mo ang salita ng Panginoon, at itinakuwil ka ng Panginoon sa pagiging hari ng Israel.
C. Minaliit ni Saul ang kanyang kasalanan at binali wala niya ang salita ng Panginoon.

**IV. Si Judas (Matthew 27:4)**

A. Sinabi niya sa kanila, "Nagkasala ako dahil ibinigay ko sa inyo ang isang taong walang kasalanan." Pero sumagot sila, "Ano ang pakialam namin diyan? Problema mo na iyan."
B. Pero imbis na hanapin niya ang Panginoon at humingi ng tawad, siya ay nilamon ng makamundong kalungkutan at nagpakamatay.
C. Ang tunay na pagsisisi ay lumalapit sa Panginoon ng may pagpapakumbaba.

**V. Si Prodigal Son (Luke 15:18)**

A. Titindig ako at pupunta sa aking ama, at aking sasabihin sa kanya, Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyo.
B. Masdan natuklasan niya ang tamang prioridad: Nagkasala ako laban sa LANGIT (DIOS) [muna] at sa iyo.
C. Ang tunay na nagsisisi ay kinikilalala niya na siya ang makasalanang tao laban sa Dios.

**VI. Si Zacchaeus (Luke 19:8)**

A. Sa loob ng bahay niya ay tumayo si Zaqueo at sinabi, Panginoon, ibibigay ko po sa mga mahihirap ang kalahati ng kayamanan ko. At kung may nadaya akong sinuman, babayaran ko ng apat na beses ang kinuha ko sa kanya.
B. (v.9) – dumating sa bahay na ito ang kaligtasan! Sabi ni Jesus.
C. Nakikita ang pagsisisi ni Zacchaeus sa pagbabago ng kanyang buhay. Ito ay bunga ng tunay na pagsisisi.

**Katapusan**:

1. Ang pagsisisi ay pagbaling o pagtalikod o pagpalit ng isip at puso patungkol sa sarili, sa kasalanan, at patungo sa Panginoong Jesus.
2. Tinitigilan ang pag-asa sa mga maling doktrina, tinatalikod ang kasalanan, umaasa lamang kay Jesus bilang Panginoon, Dios at Tagapagligtas. Ito ay nagdudulot ng mga bunga na nararapat sa pagsisisi.